



Ang paghaharapan ay nakatutulong sa iyong anak na ...

- Malaman na ikaw ay nagbibigay ng pansin at interesado sa kung ano ang kanyang “sasabihin”
- Matatag at mapanatili ang tinginan sa mata, na isang mahalagang bahagi ng komunikasyon
- Matutong pagtuunan ang mga parehong bagay tulad ng sa iyo
- Tingnan kung paano mo sinasabi ang iba’t ibang mga tunog at salita

Ang paghaharapan ay nakatutulong sa iyo na ...

- Mapansin kung ano ang tinitingnan ng iyong anak, na isang palatandaan sa kung ano sila interesado
- Mapagmasdan ang pangungusap ng mukha ng iyong anak – nang sa gayon ay malaman mo kung kailan titigil, kailan babaguhin ang gawain, at kailan ipagpapatuloy ang paglalaro

Paano ko gagawin ang harapan?

- Bumaba sa pisikal na lebel ng iyong anak (hal., umupo sa maliit na upuan, humiga sa sahig, itaas ang iyong anak, atbp.)
- Gumalaw gaya ng paggalaw ng iyong anak upang mapanatili ang paghaharapan
- Humawak ng pampasiglang bagay (ibig sabihin, mga paboritong laruan/pagkain) sa tabi ng iyong pisngi upang himukin ang iyong anak na tumingin sa iyong mga mata at bibig

SUNDAN ANG PANGUNGUNA *ng iyong anak*



Bakit susunod sa pangunguna ng iyong anak?

- Kung pag-uusapan mo ang tungkol sa kung ano interesado ang iyong anak, mas madali niyang matutunan ang wika
- Sa pamamagitan ng pagsunod sa pangunguna ng iyong anak, nagpapakita ito na interesado ka sa kung ano ang ginagawa ng iyong anak

Paano susunod sa pangunguna ng iyong anak ...

- Panoorin upang makita kung sa ano interesado ang iyong anak
- Maghintay upang bigyan ng pagkakataon ang iyong anak na pumili ng mga laruan o gawain
- Sumali sa at pag-usapan ang tungkol sa kung ano ang ginagawa mo at ng iyong anak

Kailan hindi dapat sumunod sa pangunguna ng iyong anak ...

- Kapag gumagawa ang iyong anak ng bagay na hindi mo gustong gawin niya (hal., paghahagis ng isang laruan, pangangagat)
- Kapag maikli ang panahon ng atensyon ng iyong anak

Sa pamamagitan ng pagsali at magkasamang paglalaro, lumilikha ka ng maraming mga pagkakataon para sa iyong anak na matuto ng higit pa sa wika at magsanay sa pakikipag-usap sa iyo.

Sa halip na ...

Pilitin ang iyong anak na laruin ang isang laruan na pinili mo ...

Panoorin ang iyong anak na maglaro mula sa tabi ...

Sabihin sa iyong anak kung ano ang gagawin sa mga laruan ...

Maging tahimik at mahiyain kapag nakikipaglaro kasama ang inyong anak ...

Subukang ...

⇒ Manood upang makita kung anong mga laruan interesado ang iyong anak, at pagkatapos ay makipaglaro.

⇒ Kumuha ng iyong sariling laruan at gayahin kung ano ang ginagawa ng iyong anak sa laruan na iyon (kung naaangkop).

⇒ Kumuha ng iyong sariling laruan at ipakita sa kanya kung paano ito laruin.

Ang larong pagkukunwari ay mahalaga para sa pagsulong ng wika, kaya maghalimbawa ng simpleng kunwaring mga kilos (hal., pagpapakain, pagsusuklay ng buhok, pagtulog, pagdadamit, paghuhugas, atbp.) para sa iyong anak.

⇒ Kalimutan kung ano ang itsura mo at maging mapaglaro - ikaw ang pinakamahasag na laruan sa bahay! Makukuha mo ang pansin ng iyong anak sa pamamagitan ng paggamit ng nakatutuwang boses, mga masasayang salita (hal., "oops", "weee!", "kalabog") at maraming mga galaw/pangungusap ng mukha.



Gumamit ng simpleng WIKA

Gumamit ng mga maiikling pangungusap kapag nakikipag-usap sa iyong anak (ibig sabihin, isa hanggang tatlong salita lamang).

Laging panatilihin na mas mataas nang isang hakbang sa kasalukuyang lebel ng komunikasyon ng iyong anak. Halimbawa:

Nag-aalok ka ng juice sa iyong anak. Sa halip na magtanong, "Gusto mo ba ng isang baso ng juice?" Subukan ang sumusunod:

Kung ang iyong anak ay ...	Ikaw ay dapat na ...	Halimbawa
Hindi gumagamit ng mga salita	Gumamit ng mga tig-isang salita	"Juice?"
Gumagamit ng mga tig-isang salita	Gumamit ng mga kumbinasyon ng dalawang salita	"Gusto mo ng juice?"
Gumagamit ng mga kumbinasyon ng dalawang salita	Gumamit ng mga kumbinasyon ng tatlong salita	"Gusto mo ng konting juice?"



- Ang estratehiyang ito ay maaaring gamitin upang matulungan ang iyong anak na maunawaan kung ano ang sinasabi mo
- Ang paggamit ng mga maiikling parirala ay makatutulong sa iyong anak na pumili ng mga mahahalagang salita mula sa mga pangungusap
- Kung ang iyong anak ay mayroon ng mahusay na pag-unawa ng wika, magiging mas madali para sa iyong anak na gayahin ang iyong sinasabi sa pamamagitan ng paggamit ng mga maiikling pangungusap

PAGTATATAK

Ang pagtatatak (o pagbibigay ng pangalan) ay isang paraan para sa iyo na matulungan ang iyong anak na matuto ng mga bagong salita.

Kapaki-pakinabang ang pagtatatak dahil ito ay:

- Nagpapakita sa iyong anak na ikaw ay tumutugon sa kanyang tuon ng interes
- Nagtuturo sa inyong anak na maaari mong gamitin ang isang salita sa halip na isang galaw

Narito ang ilang mga mungkahi para sa mga bagay na pag-uusapan:

Sabihin sa iyong anak ang mga pangalan ng mga tao at bagay na interesado sya:

bola	biskwit
juice	papa
aso	duyan

Pag-usapan ang tungkol sa kung anong ginagawa ng iyong anak:

nagtutulak	nagbubukas
naglalakad	nagbibigay
nagsasaboy	kumakain

Pag-usapan ang tungkol sa kung nasaan ang mga bagay at tao:

nasa loob	nasa taas
nasa labas	sa

Gumamit ng mga salitang kapaki-pakinabang (nagagamit) sa iyong anak sa araw-araw na sitwasyon:

Tumutok sa paggamit ng:	Sa halip na gumamit ng:
tulong	tatsulok
marami pa	pakisuyo
akin	asul
kumakain	mabait na bata



ULITIN, *ulitin* ULITIN

Ulitin ang mga mahahalagang salita nang maraming beses sa maraming iba't ibang mga sitwasyon:

Halimbawa,

Tingnan kung gaano karaming beses mo mauulit ang mga salitang “bula” sa isang gawain sa pamamagitan ng paghalo nito sa iba pang mga salita:

“Mga bula”

“Buksan ang mga bula”

“Hipan ang mga bula”

“Putukin ang mga bula”

“Isarado ang mga bula”

“Mga bula”

“Marami pang bula”

* ang mga patpat na pambula ay maaaring may panganib na makabulon sa mga bata; tiyakin na ikaw ang may hawak ng patpat sa lahat ng oras

- Maghintay upang bigyan ang iyong anak ng pagkakataon na tumugon o sumagot
- Kailangang marinig ng ilang mga bata ang salita nang maraming beses bago nila maintindihan ito at subukang sabihin ito



PAGHIHINTAY

- Hintayin na makapagkomento, tumugon, o humiling ng higit pa sa pamamagitan ng paggalaw o salita ang iyong anak
- Kung ang iyong anak ay hindi nagsalita ng anumang bagay pagkatapos mong maghintay ng lima hanggang sampung segundo, ihalimbawa ang mga salita na dapat niyang sinabi. Halimbawa:

Magulang: "Ilalagay natin ang bloke _____."

Maghihintay ang magulang ng lima hanggang sampung segundo para punan ng bata ang salitang "sa".

Bata: Hindi sumasagot.

Magulang: "**Sa.** Ilagay ang bloke **sa.**"

Ibibigay ng magulang ang bloke sa bata upang ilagay sa tuktok ng tore ng bloke.

- Dapat nandiyan ka upang matulungan ang iyong anak sa mga sitwasyon, ngunit hintayin na humiling ang iyong anak ng "tulong" sa pamamagitan ng pagtingin sa mata, pagdala ng bagay sa iyo, pagbigkas, o pagsabi ng "tulong"



Magbigay ng dahilan upang **MAKIPAG-USAP AT MAGHINTAY**

Ang mga estratehiya ito ay nag-aalis ng kakayahan upang sumagot lamang ng “oo” o “hindi” at himukin ang inyong anak na gamitin ang partikular na pangalan ng bagay. Nagbibigay din ang mga estratehiya ng pagkakataon upang magkomento o tumugon ang inyong anak.

Mag-alok ng mga ninanais na bagay nang paunti-unti ...

- Gumagana nang mabuti ang estratehiyang ito sa oras ng meryenda: magbuhos lamang ng konting juice o gatas sa baso ng iyong anak, upang kailanganin niyang humingi ng karagdagan nang ilang beses sa oras ng meryenda
- Maging “tagapag-ingat” ng lahat ng mga piraso
- Kapag naglalaro ng mga laruang may maramihang mga piraso (hal., mga puzzle, mga bloke, atbp.), ilagay ang lahat ng mga piraso sa isang supot o lalagyan, na hihikayat sa inyong anak na humiling ng isang piraso sa bawat pagkakataon

Mag-alok ng pagpipilian ...

- Ipakita at pangalanan ang bawat pagpipiliang bagay habang tinatanong “Gusto mo ba ng kotse o bloke?”
- Maghintay para sa “sabihin” sa iyo ng iyong anak kung ano gusto niya (hal., sa pamamagitan ng pagtingin, pag-abot, pagturo, pagbigkas, o paggamit ng mga salita)
- Ibigay lamang ang bagay na hiningi
- Tatakan ang bagay habang ipinapasa mo ito sa iyong anak (hal., “Bloke, gusto mo ng bloke.”)

Gumawa ng isang nakatatawa o hindi pangkaraniwang sitwasyon ...

- Gumawa ng isang bagay na hindi inaasahan ng iyong anak at hintayin ang reaksyon

Mga halimbawa ng mga nakatatawang sitwasyon:

- ilagay ang pajama ng iyong anak sa kanyang ulo
- ilagay ang parehong medyas ng iyong anak sa parehong paa
- simulang paliguan ang iyong anak sa banyera na walang tubig sa loob nito
- simulang ibuhos ang juice ng iyong anak ngunit “kalimutan” ang tasa



KOMENTO...

iwasan ang pagtatanong

Madalas tayong nagtatanong ng maraming mga katanungan at pinipigilan nito ang pag-uusap sa halip na panatiliin itong umuusad. Subukang:

- Magtanong ng mas kaunting mga katanungan
- Gawing isang komento ang isang tanong
 - sa halip na magtanong, pag-usapan ang tungkol sa kung ano ang ginagawa mo o ng iyong anak ...
 - Sa halip na magtanong: "Papunta ba sa taas ang kotse?"
Puwede mong sabihin: "Papunta sa taas ang kotse."
- **Magtatak** ng mga bagong salita sa halip na subukan kung alam ng iyong anak ang salita ...
 - Sa halip na magtanong: "Ano iyan?" o "Sabihin mansanas?"
Puwede mong sabihin: "Tingnan mo, mansanas, masarap na mansanas."
- Magtanong kung talagang kailangan mong malaman ang impormasyon (hal., "Nasaan ang mga susi ni mama?")
- Ang paggamit ng masyadong maraming mga katanungan ay nagbibigay ng mas kaunting mga pagkakataon para sa inyong anak na gayahin ang mga salita

Iwasang gawin ito:



Sa halip gawin ito:



HALINHINAN

Isang mahalagang kasanayan para sa iyong anak ang halinhinan upang matuto. Sa una, natututo ang mga bata na maghalinhinan sa paglalaro. Mamaya, nauunawan ng mga bata kung paano maghalinhinan sa “pakikipag-usap” sa pakikipag-ugnayan. Ang paghalinhinan ay nakatutulong na mapahaba ang panahon ng atensyon ng isang bata, at nagtataguyod ng tinginan sa mata.

Maghalinhinan sa pamamagitan ng:

- Pagtakda ng isang limitadong bilang ng halinhinan na inaasahan mong gagawin ng iyong anak sa una (hal., maglagay ng dalawang bloke sa tore bago siya umalis)
- Pagtatak ng halinhinan mula sa pananaw ng iyong anak, (hal., “Ako naman” at “Si Mama naman.”)
- Paggamit ng mga parirala tulad ng, “Isa pang bloke” at “Tapos na ang lahat ng mga bloke.”
- Pagdami ng bilang ng mga halinhinan na asahan mong gagawin ng iyong anak, batay sa kung paano siya tumutugon sa gawain
- Pagkuha agad ng iyong pagkakataon upang mapanatili ang interes ng iyong anak

Mga halimbawang gawain para sa paghalinhinan:

Gawain	Gawin Itong May Interaksyon	Paggamit ng mga Salita upang Magtatak
bola	Maglaro ng saluhan, igulong ang bola nang pabalik-balik, ihagis ang bola sa isang kahon	bola, hagis, sa loob, talbog, salo
mga bloke	Magkasamang bumuo ng isang tore, kunin ang mga bloke nang pa-isa-isa	bloke, sa ibabaw, mula sa, natumba
puzzle	Magkasama bumuo ng puzzle nang pa-isa-isang piraso	mga pangalan ng hayop/bagay sa piraso ng puzzle, dagdag, ilagay sa, kunin sa



SABIHIN *kung ano sa tingin mo* *ang* **IBIG SABIHIN NG IYONG ANAK**

- Kung hindi gumagamit ng mga salita ang iyong anak, o hindi mo naiintindihan kung ano ang sinabi, **sabihin ito kung paano sasabihin ng iyong anak kung kaya niyang sabihin ito**
- Bigyan mo ang iyong anak ng isang maganda at malinaw na halimbawa ng kung paano dapat ang tunog ng mga salita, nang walang pagtawag ng pansin sa mali. Halimbawa:
Bata: “ba”
Magulang: “**Ibon**, oo ayun ang **ibon!**”
- Bigyan mo ang iyong anak ng mga salita para sa mga tunog o galaw na ginagamit niya. Halimbawa:
Bata: Inaabot ang juice at nagbibigkas ng “ah-ah”
Magulang: Pakahuluganan na gusto ng bata ng juice at sabihin, “Juice. Papa Juice.” Saka magsasalin ang magulang ng juice para sa bata.
Bata: Humihyaw at nagsisimulang umiyak kapag ipinapakita ng magulang ang libro sa oras ng pagtulog.
Magulang: Pakahuluganan na ang bata ay hindi gustong magbasa ng libro at sabihin, “Wala, walang libro!” Mag-aalok ang magulang sa bata ng ibang libro na basahin o isa pang gawaing panggabi.



PAGBABAHAGI *ng* LIBRO



Kapag nagbabahagi ng libro:

- Pahintulutan ang iyong anak na pumili ng libro
- Bigyan ang iyong anak ng kung gaano karaming oras na kailangan niya upang tingnan ang mga larawan
- Sumali sa mga tunog, kilos, o salita

Ilang mga mungkahi kapag nagbabasa ng libro:

- Umupo nang harapan sa iyong anak kung saan nakaharap sa kanya ang libro
- Gumamit ng mga librong maraming mga larawan
- Tatakan ang mga larawan (hal., “Nakikita ko ang isang bola.” Huminto at hintayin ang iyong anak na kunin ang kaniyang pagkakataon)
- Panatilihin simple ang kwento, mag-imbento ng kwento, o baguhin ang mga ito
- Gumamit ng isang nakatutuwang boses, gumawa ng mga tunog at mga natatanging tinig na sumasabay sa kwento
- Iwanan ang mga pamilyar na salita o bahagi ng kuwento upang punan ng iyong anak (hal., “Minsan may isang oso na mahal ____.”)
- Pag-usapan ang tungkol sa mga dahilan ng mga kaganapan (Bakit? Anong nangyari?)
- Tangkilikin at ibahagi ang natatanging kagalakan ng mga kwento sa iyong anak

Pang araw-araw na **KARANIWANG GAWAIN**

- Samantalahin ang araw-araw na karaniwang gawain at dagdagan ang wika

Magandang pagkakataon ito na:

- magtatak ng mahahalagang mga kilos at bagay
 - ulitin ang mga pangunahing salita
 - bigyan ang iyong anak ng dahilan upang makipag-usap
 - magkasamang maghalinhinan
- Pagsasa-ayos: tatakan ang karaniwang gawain (hal., “pagbibihis”)
Markahan ang bawat hakbang, halimbawa, “isuot ang tshirt”, “isuot ang pantalon”, “isuot ang medyas”
 - Hawakan ang pantalon at maghintay na magsabi o gumawa ng isang bagay ang iyong anak
 - Maghalinhinan sa pagpili kung ano ang susunod na isusuot
 - Tatakan ang dulo ng isang karaniwang gawain (hal., “ tapos na lahat”)
 - Iba pang mga halimbawa ng pang-araw-araw na karaniwang gawain:
 - oras ng pagligo
 - oras ng pagkain
 - oras ng pagtulog
 - oras ng laro



PAGGAYA

Ang paggaya ay mag-uudyok at maghihikayat sa iyong anak na makisalamuha sa iyo. Ipinapakita ng paggaya sa iyong anak na ikaw ay interesado sa kung ano ang ginagawa niya, at naghihikayat din sa kanya na gayahin ka rin.

Ang ilang mga mungkahi para sa paggaya sa iyong anak ay:

- pagsunod sa pangunguna ng iyong anak sa pamamagitan ng paggaya ng kanyang mga paggalaw ng katawan at pangungusap ng mukha
- pagsubok na gayahin gamit ang isa pang laruan sa halip na umasa sa iyong anak na ibahagi ang kanyang mga laruan Gayahin ang sinasabi ng iyong anak at gumawa ng mga pagwawasto. Halimbawa:

Bata: "Pulang kotse."

Magulang: "Oo, pulang kotse."

Gayahin at magdagdag ng isa o dalawang pang salita. Halimbawa:

Bata: "Ilagay ang sanggol."

Magulang: "Ilagay ang sanggol sa mesa."

Magdagdag ng bagong mga ideya sa kung ano ang sinasabi ng iyong anak. Halimbawa:

Bata: "Aso!"

Magulang: "Woof, woof sabi ng aso!"

